ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PAMAMAHAYAG KAUGNAYAN SA AKADEMIKONG PAGGANAP

**Marie Frances A. Araneta, Raymund L. Santiago, PhD**
*La Carlota City College, La Carlota City, Negros Occidental, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20216**
**DOI No: 10.36713/epra20216**

## ABSTRACT
*Ang pangunahing tunguhin ng pananaliksik na ito ay malaman ang estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap. Ang pag-aaral na ito ay may layuning kilalanin ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa edad, kasarian at paaralan. Malaman ang estratehiya na kadalasang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng pamamahayag at ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag. Upang magawa ito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng sarbey na sumasagot sa kaugnayan ng estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag sa akademikong pagganap. Ang mananaliksik ay gumamit ng kwantitatib kontent analisis (quantitative content analysis) sa pagsasagawa ng pangogolekta ng mga datos tungkol sa Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag Kaugnayan sa Akademikong Pagganap sa mga mag-aaral sa limag pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Bacolod at kung ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag at gumamit ang mananliksik ng chi-square test sa pag-aanalisa, paglalahad, at pagtalakay ng mga makokolektang datos. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng random sampling at inilunsad sa mga mag-aaral na nasa ikalabing isang baitang sa limang paaralan sa lungsod ng Bacolod. Nalaman sa pag-aaral na ito ang estratehiyang kadalasang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng pamamahayag ay lecture at ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag ay may resulta na pinaknamumukodtangi. Nakagawa din interbensyon ang mananaliksik sa pagtuturo ng pamamahayag*

**KEYWORDS***: Pamamahayag, estratehiya, akademikong pagganap, pagtuturo..*

## INTRODUKSYON

Ang pagtuturo ay isang napakakomplikadong gawain. Ito ay nangangailangan ng angkop na paraan upang ganap na maabot ang inaasahang pagkatuto. Ang paggamit ng angkop na pamamaraan sa pagtuturo ay makakatulong ng malaki para makuha ang layuning ito. Maaring gumamit ang mga guro ng mga estratehiya na nakabatay sa natatanging kakayahan ng kanilang mga mag-aaral. Ayon kay Central (2010) na binanggit sa pag-aaral ni Capistrano (2011), ang gawaing pagtuturo ay hindi madaling gawin. Hindi sapat na maituro ng isang guro kung ano ang mga aralin o paksang nakapaloob sa kanyang silabus kundi kung paano niya ito maituturo at matutuhan ng kanyang mga estudyante. Kaya nga sinabi na ang kahusayan ng pagtuturo ay nasusukat hindi sa dami ng mga naituro kundi bagkus sa dami ng mga natutuhan ng kanyang mga estudyante.

Ang pagkakaiba sa pedagohiya sa pagtuturo ng pamamahayag ay makikita sa iba't ibang antas ng edukasyon, na may kani-kaniyang layunin at diskarte. Sa elementarya, ang pagtuturo ay kadalasang nakatuon sa pagbibigay ng batayang kaalaman sa mga konsepto ng pamamahayag at pagpapahayag, gamit ang mga simpleng aktibidad tulad ng storytelling at basic writing exercises. Sa antas ng sekondarya, ang mga estratehiya ay mas nakatuon sa pagbuo ng kritikal na pag-iisip at analitikal na kakayahan, kung saan ang mga estudyante ay hinihimok na suriin ang iba't ibang uri ng media at lumikha ng kanilang sariling mga balita at ulat. Ang mga estratehiyang ito ay nagbabago batay sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral, na nagbibigay-diin sa pag-unlad ng mga kasanayang kinakailangan sa kanilang hinaharap na propesyon. Sa kabuoan, ang pagkakaibang ito sa pedagohiya ay nagpapakita ng ebolusyon ng pamamaraan ng pagtuturo, na naglalayong mas maging epektibo at angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa bawat antas.

Ang akademikong pagganap ay ang kinalabasan ng edukasyon, kung hanggang saan nakamit ng isang mag-aaral, guro o institusyon ang kanilang mga hangaring pang edukasyon. Ayon kina Murthy at Kulshreshta (1999), ang pagkabalisa sa akademiko at mga nakamit na pang-akademiko ay paiba-iba at makabuluhang nauugnay sa bawat isa. Ang pagganap ng akademiko ng isang indibidwal ay naiimpluwensyahan ng iba't ibang mga kadahilanan tulad ng pagkatao, kakayahang intelektwal, kapaligiran at iba pa.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay pumapaksa sa "Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag Kaugnayan sa Akademikong Pagganap" sa isa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Bacolod sa Taong Panuruang 2023-2024 na layuning sagutin ang tanong na:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa sumusunod na baryabol ayon sa sosyo-demograpikong propayl na:
   A. Edad;
   B. Kasarian;
   C. Paaralan
2. Ano ang estratehiya na kadalasang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng pamamahayag?
3. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag?
4. May natatanging kaugnayan ba ang estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng pamamahayag sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral?
5. Ano ang interbensyon sa pagtuturo ng pamamahayag?

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### Estratehiya

Ang mga estratehiya ay nakatutulong upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay tumutukoy sa masusing pagpaplano ng mga hakbang na kinakailangan upang makamit ang mga layunin. Ang mga ito ay mga kagamitan o pamamaraan na nagtataguyod ng mas mabilis at produktibong talakayan sa klase. Ang iba't ibang estilo ng pagtuturo ay malaki ang naitutulong sa mga tao upang mas mapabuti ang kanilang sarili. Ang mga estratehiya sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa mga estratehiyang ito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman, pahusayin ang kanilang kasanayan, at makakuha ng mga makabuluhang karanasan na magagamit nila sa kanilang buhay. Kadalasang nakabatay ang estratehiyang ginagamit sa uri ng mag-aaral.

Ang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay nararapat lamang na kilalanin muna ng isang guro ang bawat indibidwal sa pagkakaiba nila para mas mabilis masolusyunan ng isang guro kung ano ba dapat ang gagawin niya sa kanyang mag-aaral upang mas mapadali ang pag-unawa sa kanyang mga mag-aaral at mapadali ang tungkulin ng gurong may iba't ibang mahahalagang tungkulin sa silid-aralan. Ang guro din ay nagsisilbing liwanag sa silid aralan at napakarami ring responsibilidad na mula sa pinakasimpleng tungo sa pinaka komplikado. Ang guro ay kinakailangang may taglay at kakikitaan ng halimbawa bilang magandang modelo na may magagandang katangian na kakikitaan at magagaya ng kanyang mga mag-aaral ng sa gayon ay maging daan upang mas lalong mapag-ibayo ng estudyante ang kanyang pagpapahalaga sa asignatura batay sa kung anong mga magagandang impluwensya ng naidudulot ng guro sa kanyang pagtuturo ayon sa konteksto ng asignatura. Dahil sa pandemya na ito nakita ng mga mananaliksik ang ilan sa nagging suliranin pagdating sa pagtuturo ng mga guro na di maiwasan magbago ng mga estratehiya gawa ng pagbabago ng pag-aaral. (Acebes et al., 2024)

### Pamamahayag

Ayon sa pananaliksik ni Mondido (2021) na batay sa pag-aaral ni Huddleston, ang pamamahayag ay isang kaakit-akit na aktibidad sa araw-araw na naglalarawan ng katotohanan ng buhay sa kasalukuyan. Bagamat ito ay nakalulugod, maaari rin itong maging nakakapagod sa paglipas ng panahon dahil ang mga pangyayaring nasasangkutan ay may mga tunay na kahulugan para sa atin sa hinaharap.

Samantalang ayon kay F. Fraster Bond (1954), ang pamamahayag ay sumasaklaw sa lahat ng uri ng impormasyon sa pamamagitan ng balita at mga komentaryo na umabot sa mundo; lahat ng kaganapan na nakakaapekto sa publiko ay nagiging batayan ng mga mamamahayag, kabilang ang mga kaisipan, gawa, kilos, at damdamin na nauugnay sa mga pangyayaring ito.

Ang R.A. 7079 o ang Campus Journalism Act of 1991 ay isang batas na sinuportahan at binigyang halaga ng Department of Education (DepEd) ang komunidad sa bansa sa pagpapalaganap ng walang kinikilingan, patas at balidong impormasyon sa lipunan upang mahubog ang kakayahan ng mga mamamahayag. Layunin ng nasabing batas na palawakin ang pagbibigay ng katotohanan at magtipon ng kaalaman hindi lamang sa loob ng kampus kundi pati na rin sa komunidad.

Batay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) isa itong malaking hakbang upang maging isang sibilisado ang komunidad sa bansa dahil na rin sa patuloy na paglaganap ng campus journalism ay mahalaga na ang komunidad ang unang makiisa at makabenipisyo nito. Isa itong paraan upang mapabago ang lipunan at magkaroon ng mga oportunidad sa trabaho at magkaroon ng pagtanggap sa lipunan.

### Akademikong Pagganap

Ayon kay Riddh (2021) ang akademikong pagganap ay isang sukatan ng tagumpay ng isang mag-aaral sa anumang institusyong pang-akademiko. Maaari itong tukuyin bilang lawak kung saan nakakamit ng isang mag-aaral ang kanyang pangmatagalan o panandaliang layunin na may kaugnayan sa edukasyon. Kinakatawan ng GPA o akademikong antas ng paaralan o kolehiyo ng mag-aaral ang akademikong pagganap ng isang mag-aaral. Mayroong direktang kaugnayan ang mga pagganap na ito sa mga eksaminasyon o pagtatasa na ginagawa sa loob ng paaralan. Ang mga grades o marka sa pagsusulit ang kadalasang magpapasya sa antas ng pagganap ng isang mag-aaral. Kung mataas ang nakuha ng isang mag-aaral ay maaaring sabihing ganap nitong nauunawaan ang paksang pinag-aaralan at kung mababa naman ay kinakailangan pang bigyangpansin ang mag-aaral na ito dahil maaaring may mga konsepto itong hindi naiintindihan.

Ang isang mahusay na akademikong pagganap ay kaugnay din sa pagkakaroon ng epektibong pag-aaral na may tamang lugar at wastong pamamahala ng oras. Lahat ng aspeto na ito ay mahalaga at dapat isaalang-alang upang makuha ang isang mahusay na akademikong pagganap. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay ang sentro kung saan umiikot ang buong sistema ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

edukasyon. Ang tagumpay at pagkabigo ng anumang institusyong pang-edukasyon ay sinusukat sa mga tuntunin ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Hindi lamang ang mga paaralan, ngunit ang mga magulang ay mayroon ding napakataas na inaasahan mula sa mga mag-aaral na may paggalang sa kanilang akademikong pagganap, dahil naniniwala sila na ang mas mahusay na mga resulta sa akademiko ay maaaring humantong sa mas magandang pagpipilian sa karera at seguridad sa hinaharap. Ito ay tumutukoy sa kaalamang nakamit at itinalaga ng mga marka, na itinalaga ng guro. Sa kontekstong pang-edukasyon, ang akademikong pagganap ay may layuning pang-edukasyon na makakamtan ng isang mag-aaral, guro o institusyon sa loob ng isang tiyak na panahon at sinusukat alinman sa mga pagsusuri o patuloy na pagsusuri at ang layunin ay maaaring magkakaiba mula sa isang indibidwal o institusyon sa iba pa.

**Kahalagahan sa Mag-aaral**

Mahalaga ba ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap? Ang bawat mag-aaral ay may sariling paraan ng pagkatuto at ang mga estratehiyang ginagamit sa paaralan ay may malaking epekto sa kanilang akademikong pagganap.

Ang usapin tungkol sa mga mabisang pamamaraan ng pagtuturo ay hindi dapat ipagwalang bahala sapagkat mahalaga ito hindi lamang sa mga mag-aaral na may iba't ibang pagkatuto kung hindi pati na rin sa mga guro na nakakaharap sa isang napakalaking hamon sa buhay. Marapat lamang na pagtuunan ng pansin ang isyu tungkol sa kung ano ang mabisang paraan ng pagtuturo. Kung gayon pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na tiyakin kung gaaano kabisa ang estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap.

Ayon kay Liwanag (2018), ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa pagtataya atmagagamit nila ang resulta ng pagtataya para sa sariling pag-unlad. Kaya dapat na ang mga pagtataya ay tumutulong sa mga mag-aaral na magtagumpay bilang malikhaing tagaganap na maykaalaman sa halip na taga-ulit at taga-memorya ng ideya ng ibang tao.

**Kahalagahan sa mga Guro**

Ayon sa pananaliksik ni Emperado (2021), mayroong iba't ibang mga istilo ng pagtuturo, ang lahat ng ito ay dapat na nakatuon sa kung ano ang pinakamahusay na angkop sa natututo. Marahil, mas mahalaga na nakatuon sa kung paano natututo ang mga mag-aaral sa halip na tumutok lamang sa mga istilo ng pagtuturo, dahil walang nag-iisang istilo ang magbabagay sa lahat ng mga mag-aaral.

Mahalaga ang literaturang ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang pokus ng mananaliksik ay tungkol sa estratehiya o pamamaraan sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap.

## METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang ginamit na disenyo ng pananaliksik, mga kalahok ng pag-aaral, instrumento sa pananaliksik, paraan ng pangangalap ng datos, proseso ng pagsusuri ng datos at ang etikal na konsiderasyon.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Sa pag-aaral na ito ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong palarawang pamaraan o *Descriptive Method*. Sapagkat pinapakita nito ang mga datos na nakalap sa mga respondente sa pamamagitan ng mga charts, at graphs. Batay kay Nassaji (2015), ang layunin ng pamamaraang deskriptib ay upang ilarawan ang isang bagay at ang mga katangian nito.

Ang kwantitatib na disenyo ng pananaliksik ay gumagamit ng maraming istatistikal na pagsusulit sa pagpapaliwanag ng kaugalian, likas na katangian, mga relasyon at pagkakaiba ng mga baryabol. Ito ay tumutukoy sa mga datos na numeriko o bilang at masusukat na mga balyu. Ito ang palaging ginagamit na metodolohiya sa pag iimbestiga sa edukasyunal na pananaliksik dahil sa katotohanan na ang deskriptib na disenyo ay napakadaling gamitin kaysa ibang disenyo (Castillo, 2013).

Sisikapin na mabatid ng mananaliksik ang propayl ng mga respondenteng mag-aaral tulad ng edad, kasarian, at paaralan. Gayundin ang pagbatid sa pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang estratehiyang sa pagtuturo ng pamamahayag.

**Mga Kasangkot at Tagatugon ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kaugnayan sa akademikong pagganap sa estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag sa mga mag-aaral. Ang mga kasangkot sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa limang (5) pampublikong paaralan na nasa pamamahayag na nag-aaral sa Dibisyon ng Lungsod ng Bacolod sa taong panuruan 2023-2024, ito ay ang Bacolod City National High School, Sum-ag National High School, Brgy. Singcang Airport National High School, Handumanan National High School at Mansilingan Agro-Industrial National High School. Bawat paaralan ay may tatlumpong (30) tagatugon na kumukuha ng asignaturang pamamahayag. Sa pangkalahatan ay mayroong isang daan at limampung (150) mga mag-aaral na kumukuha ng pamamahayag sa nasabing lungsod.

**Populasyon at Sample Size**

Ang mga tumugon sa pag-aaral ay ang isang daan at limampu (150) mga mag-aaral na kumukuha ng pamamahayag sa (5) limang pampublikong paaralan na nag-aaral sa Dibisyon ng Lungsod ng Bacolod taong panuruan 2023-2024 na nag-aaral ng pamamahayag asignaturang sa Filipino na kumakatawan sa kabuuang populasyon; samakatuwid na gumawa ng anumang pamamaraan ng pag-sample. Upang masukat ang kabisaan ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag sa asignaturang Filipino ang mananaliksik ay gagamit ng marka/ grado ng mga mag-aaral sa ikalabing- isa na baitang sa ikalawang markahan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

taong panuruan 2023-2024 na may kabuuang isang daan at limampu (150) na mga mag-aaral. Upang lubos na masukat ang kabisaan ng mga estratehiya ang mananaliksik ay hindi na gumawa ng anumang uri ng pag-sample dadapwat ginamit ang buong populasyon ng nga mag-aaral.

**Pamamaraan ng Sampling**
Ang mga kasangkot sa pananaliksik na ito ay ang (150) isang daan at limampu na mga mag-aaral sa senior high sa ikalabing- isa na baitang na nag-aaral ng pamamahayag asignaturang sa Filipino sa Lungsod ng Bacolod. Dahil sa kaliitan ng populasyon ng kasangkot minumungkahi ng mananaliksik na gawin silang lahat na bahagi ng pananaliksik; samakatuwid ang mananaliksik ay hindi na gumawa ng anumang pamamaraan ng pag-sample.

**Instrumentong Ginamit sa Pangangalap ng Datos**
Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng talatanungan o *survey questionnaire* sa pagtitipon ng mga impormasyon. Ang mga talatanungan ay iniukol sa mga mag-aaral na nabibilang sa pamamahayag sa limang paaralan sa Lungsod ng Bacolod. Ang talatanungan mismo na naglalayong makakalap ng mga datos upang malaman ang mga estratehiya sa pagtuturo kaugnay ng akademikong pagganap na magiging batayan ng mga guro sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng pamamahayag sa asignaturang Filipino. Mayroong sarbey talatanungan na inihanda ang mananaliksik na naglalaman ng sosyo demograpikong propayl ng mga mag-aaral tulad ng kanilang pangalan, edad, kasarian, paaralan at marka sa ikalawa at ikatlong markahan. Pagkatapos ay sasagutan ang labing limang aytem tungkol sa mga estratehiya sa pagtuturo, lalagayan ng bilang isa (1) ang estratehiyang kadalasang ginagamit sa pagtuturo ng pamamahayag at labing lima (15) naman ang estratehiyang madalang gamitin.

**Katumpakan ng Instrumentong Gamit**
Sa pagsulat ng nilalaman ng instrumento sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay kumuha ng mga imporasyon mula sa iba't ibang hanguan, sa aklatan at internet upang matiyak na ang talatanungan ay may kakayahang makamit o masagot ang mga layunin ng pag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kabisaan ng nilalaman. Ito ay tinatawag batay sa mga opinyon ng mga tagasuri. Ipiniresenta ang instrumento sa mga eksperto para sa kanilang opinyon kung talagang makalap nito ang mga datos na kinakailangan sa pagsasaliksik na ito. Sa pananaliksik na ito may tatlong hurado na sumuri gamit ang krayterya nina Carter V. Goods at Douglas B. Scates (1972).

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**
Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng talatanungan o *survey questionnaire* sa pagtitipon ng mga impormasyon. Ang mga talatanungan ay iniukol sa mga mag-aaral na nabibilang sa pamamahayag sa limang paaralan sa Lungsod ng Bacolod.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay para sa propayl ng mga mag-aaral na ang komputasyon. Ang ikalawang bahagi ay ang mga pananaw ukol sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag na ang komputasyon. Sa pagsulat ng nilalaman ng instrumento sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay kumuha ng mga impormasyon mula sa iba't ibang hanguan, sa aklatan at internet upang matiyak na ang talatanungan ay may kakayahang makamit o masagot ang layunin ng pag-aaral. Gumawa ang mananaliksik ng liham para sa mga punong-guro sa pagpapahintulot sa mananaliksik sa pagsasagawa ng sarbey sa mga kasangkot sa gakaganapan ng tool (sa paaralang pagkukunan ng datos.

**Pamamaraan ng Pagsusuri ng mga Datos**
Iniisa-isa ng mananaliksik ang bawat talatanungan upang masuri ng mabuti ang mga datos kung kompleto ang sagot ng bawat kasangkot.

Para sa unang suliranin ng pananaliksik na naglalayong alamin ang propayl ng mga mag-aaral sa limang pampublikong paaralan ayon sa sumusunod na baryabol; edad, kasarian at paaralan, ang mananaliksik ay gumamit ng Distribusyon ng Kadalasan at Porsyento (frequency and percent distribution).

Para sa ikalawang suliranin ng pananaliksik na naglalayong malaman kung ano ang estratehiya na kadalasang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng pamamahayag, ang mananaliksik ay gumamit ng Distribusyon ng Kadalasan at Porsyento.

Para sa ikatlong suliranin ng pag-aaral na naglalayong malaman kung ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag., ang mananaliksik ay gumamit ng mean sa pagkuha ng sagot.
Pormula ng mean:

$$\overline{X} = \frac{\sum fx}{n}$$

Kung saan:
$\overline{X}$ = mean
Σ = kabuuan
X = kabuuang bilang
N = bilang ng mga numero

## RESULTA
Ang kabanatang ito ay naglalagom ng kinalabasan ng pag-aaral, konklusyon at rekomendasyon na nakabatay sa interpretasyon, analisis ng mga datos at resulta ng pananaliksik. Layunin ng pag-aaral na malaman ang estratehiyang kadalasan na ginagamit sa pagtuturo ng pamamahayag kaugnayan sa akademikong pagganap sa limang pampublikong paaralan sa dibisyon ng Bacolod.
May kabuuang bilang na tagatugon na 150 na mag-aaral na nagmula sa limang pampublikong paaralan na Bacolod City National High School (BCNHS), sinundan ng Sum-ag National High School (SNHS), Brgy. Singcang Airport National High School (BSANHS), Handumanan National High School (HNHS) at Mansilingan Agro-Industrial National High School (MAIHS) sa Dibisyon ng Bacolod.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Resulta ng mga Natuklasan**

Kaugnay ng mga naepresentang datos, ang paglikha ng interbensyon sa pagtuturo ng pamamahayag na makakatulong sa mga mag-aaral sa antas ng kanilang akademikong pagganap.
Matapos malikom at masuri ang mga datos, ang mga sumusunod na kinalabasan ay naitala:

**1. Sa demograpikong propayl ng mga respondente.**

Sa talahanayan 1 na nagpapakita ng sosyodemograpikong propayl ng mga mag-aaral ay mayroong 150 na kalahok ang sumagot sa talatanungan na siyang pinagkuhanan ng datos.
Ayon sa talahanayan 1, ang edad mula sa kabuuang po
pulasyon ang nakakuha ng pinakamataas ay ang nasa edad 16-17 na may 70% o may bilang na 105 mula sa 150 at ang panghuli naman ay nasa edad na 18 pataas na nakakuha ng 30% o may bilang na 45 mula sa 150.

Ang kasarian mula sa kabuuang populasyon ay higit na marami ang babae sa bilang na 85 o 56.70% kaysa sa lalaki sa bilang na 65 o 43.30%.
Ang mga kalahok mula sa limang paaralan sa dibisyon ng Bacolod ay may pantay na bilang na 30 o 20%.

**2. Kadalasang ginagamit na estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag**

Sa pag-aanalisa sa mga naging sagot ng mga respondente na makikita sa talahanayan 2, lumalabas na ang pinakamadalas na estratehiyang ginagamit ay ang Lecture na may bilang na 36 mula sa 150 o 24%. Pumapangalawa ang estratehiyang Dula-dulaan na may bilang na 29 mula sa 150 o 19.3%. Pumangatlo ang Diskusyon na may bilang na 22 mula sa 150 o 14.7% at sinundan ng Bagyuhang Utak at Think, Pair, Share na parehong nasa ikaapat at kalahati (4.5) na may bilang na 9 mula sa 150 o 6%. Ang estratehiyang Round Table ay nasa ika-anim na may bilang na 7 mula sa 150 o 4.7% samantalang ang Case Study, Pag-uulat at Pagkukuwento na may bilang na 6 mula sa 150 o 4% ay nasa ikawalong pwesto. Ang Fishbowl na estratehiya ay nakakuha ng bilang na 5 mula sa 150 o 3.3% at nasa ika-sampung pwesto. Samantalang ang pagtatalo o debate ay may bilang 4 mula sa 150 o 2.7% na nasa ikalabing isang pwesto. Nasa ikalabing tatlo na pwesto naman ang mga estratehiyang Talakayang Papanel, Sociodrama at Pagtatalumpati na may bilang na 3 mula sa 150 o 2%. Pinakahuli sa mga estratehiya ang Know-Want-Learn na may bilang na 2 mula sa 150 o 1.3 %.

Mahihinuha na ang estratehiyang kadalasang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pamamahayag sa ikalabing isang baitang, mula sa limang pampublikong paaralan sa dibisyon ng Bacolod ay ang Lecture.

Sa pagsusuri ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag sa ikalabing isang baitang mula sa limang pampublikong paaralan sa dibisyon ng Bacolod, lumalabas na ang lecture method ang kadalasang ginagamit ng mga guro. Ang pagpili ng pamamaraang ito ay maaaring maiugnay sa ilang mga aspeto ng sistema ng edukasyon, pati na rin sa mga pangangailangan at konteksto ng mga guro at mag-aaral.

**3. Antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag**

Sa pag-aanalisa ng mga naging sagot ng mga respondante makikita sa talahanayan 3 na lumalabas na mayroong mean na 90.183 ang Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagtuturo ng Pamamahayag na may interpretasyon na *outstanding*. Ayon sa resulta. mayroong bilang na 78 mula sa 150 ang nakakuha ng antas na outstanding, sinundan na bilang na 59 mula sa 150 ang antas na very satisfactory. Mayroong 12 mula sa 150 naman ang nakakuha ng antas na satisfactory at panghuli ay may 1 na nakakuha ng antas na fairly satisfactory. Samakatuwid masasabing mayrrong mataas na antas nag mga mag-aaral mula sa limang pampublikong paaralan sa dibisyong ng Bacolod.

**4. Kaugnayan ng estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag sa akademikong pagganap**

Ayon sa pag-aanalisa sa resultang makikita sa talahanayan 4, makikita na ang kadalsang ginagamit na estratehiya ay ang lecture makikita ito sa frequency rank ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag ng mga mag-aaral sa ikatlong markahan taong panuruan 2023-2024. Gumamit ang mananaliksik ng pormulang Chi-Square Test, at lumalabas na ang computed value na 37.901 ay mas mataas kumpara sa p- value na 0.651 sa 5% level of significance. Samakatuwid, masasabing walang natatanging kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ayon sa estratehiya at akademikong performans sa pamamahayg sa mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang sa limang pampublikong paaralan na Bacolod City National High School (BCNHS), sinundan ng Sum-ag National High School (SNHS), Brgy. Singcang Airport National High School (BSANHS), Handumanan National High School (HNHS) at Mansilingan Agro-Industrial National High School (MAIHS) sa Dibisyon ng Bacolod.

**5. Interbensyon sa pagtuturo ng pamamahayag**

Sa resultang nakuha sa pananaliksik makikita na ang pagsasagawa ng *lecture* at ng iba pang mga estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag ay epektibo sa pagkakaroon ng mataas na antas ng akademikong paggnap ng mga mag-aaral. Upang tuluyang mapalago at mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamahayag. Maaaring magsagawa ng mga trainings o pagsasanay na makakatulang sa paghasa sa galing ng mga mag-aaral; sa pamamahayag. Magsasagawa ng malawakang mga pagpupulong o seminar na hahasa sa galing ng mga mag-aaral sa dyornalismo o pamamahayag. Katulad ng pagkakaroon ng aktibong pakikilahok sa Division Schools Press Conference o kilala rin sa tawag na DM. NO. 20, s. 2024. Ito ay taunang kompetisyon para sa mga mag-aaral na manunulat sa iba't ibang dibisyon sa Pilipinas kung saan sila ay nagtatagisan sa iba't ibang kategorya tulad ng pagsusulat ng balita, pagsusulat ng editorial at iba pa. Hindi lamang nagtatapos ang kompetisyon sa Division Schools Press Conference, dahil ang mga kalahok nanalo ay magkakaroon ng pagkakataon na mapasali na National Schools

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Press Conference kung saan mayroong mas malaking oportunidad na mas mahasa ang kanilang kakayahan sa pamamahayag. Sa pamamagitan ng mga pagpupulong na ito, mag napapataas ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral at nagkakaroon ng malawak na oportunidad na maipamalas ang angking talento sa pamamahayag.

**Talahanayan 1. Sosyo-demograpikong propayl ng mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang sa limang pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Bacolod.**

| Propayl | Kategorya | f | % |
|---|---|---|---|
| Edad | 16-17 yrs old | 105 | 70 |
| | 18 yrs old and above | 45 | 30 |
| | Kabuuan | 150 | 100 |
| Kasarian | Babae | 85 | 56.70 |
| | Lalake | 65 | 43.30 |
| | Kabuuan | 150 | 100 |
| Paaralan | Bacolod City National High School (BCNHS) | 30 | 20 |
| | Sum-ag National High School (SNHS) | 30 | 20 |
| | Brgy. Singcang Airport National High School (BSANHS) | 30 | 20 |
| | Handumanan National High School (HNHS) | 30 | 20 |
| | Mansilingan Agro-Industrial National High School (MAIHS) | 30 | 20 |
| | Kabuoan | 150 | 100 |

**Talahanayan 2. Pagkakasunod-sunod ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag ng Asignaturang Filipino.**

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag | f | Rank |
|---|---|---|
| Lecture | 36 | 1 |
| Dula-Dulaan | 29 | 2 |
| Diskusyon | 22 | 3 |
| Bagyuhang Utak | 9 | 4.5 |
| Think, Pair, Share | 9 | 4.5 |
| Round Table | 7 | 6 |
| Case Study | 6 | 8 |
| Pag-uulat | 6 | 8 |
| Pagkukuwento | 6 | 8 |
| Fish Bowl | 5 | 10 |
| Debate | 4 | 11 |
| Talakayang Papanel | 3 | 13 |
| Sociodrama | 3 | 13 |
| Pagtatalumpati | 3 | 13 |
| Know-What-Learn | 2 | 15 |
| Kabuoan | 150 | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagtuturo ng Pamamahayag.**

| Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Pagtuturo ng Pamamahayag | f | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pinakanamumukod tangi | 78 | 90.183 | Outstanding |
| Namumukod tangi | 59 | | |
| Natatangi | 12 | | |
| Hindi natatangi | 1 | | |
| Hindi natugunan ang inaasahan | 0 | | |
| Kabuoan | 150 | | |

**Talahanayan 4. Kaugnayan ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag sa Akademikong Pagganap.**

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pamamahayag | Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Pagtuturo ng Pamamahayag | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pinakanamumukod tangi | Namumukod tangi | Natatangi | Hindi natatangi | Hindi natugunan ang inaasahan | Kabuoan |
| Round Table | 2 | 5 | 0 | 0 | 0 | 7 |
| Talakayang Papanel | 1 | 2 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| Bagyuhang Utak | 4 | 4 | 1 | 0 | 0 | 9 |
| Dula-Dulaan | 15 | 10 | 3 | 1 | 0 | 29 |
| Sociodrama | 0 | 2 | 1 | 0 | 0 | 3 |
| Case Study | 3 | 2 | 1 | 0 | 0 | 6 |
| Debate | 1 | 3 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| Know-What-Learn | 1 | 1 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| Fish Bowl | 3 | 1 | 1 | 0 | 0 | 5 |
| Lecture | 27 | 8 | 1 | 0 | 0 | 36 |
| Diskusyon | 13 | 7 | 2 | 0 | 0 | 22 |
| Pag-uulat | 4 | 2 | 0 | 0 | 0 | 6 |
| Pagkukuwento | 2 | 4 | 0 | 0 | 0 | 6 |
| Pagtatalumpati | 0 | 3 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| Think,Pair, Share | 2 | 5 | 2 | 0 | 0 | 9 |
| Kabuoan | 78 | 59 | 12 | 1 | 0 | 150 |

Computed Value ($x^2$) : 37.90
p-value : 0.651
Decision : Accept Ho
Interpretation : Not significant at 5% level of significance

**Konklusyon**

Ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo batay sa mga natuklasan ng pag-aaral:

1. Samakatuwid, ang mga tagatugon na nasa ikalabing isang baitang sa limang pampublikong paaralan ay karamihan na nasa edad na 16-17 taong gulang. Karamihan sa mga tagatugon ay kababaihan. Makikita na pantay ang pagkakahahati sa mga tagatugon sa limang pampublikong paaralan.
2. Batay sa resulta ng pananaliksik makikitang ang estratehiyang kadalasang ginagamit sa pagtuturo ng pamamahayag ay *lecture* ang nangunguna na may bilang na 36 o 24%.
3. Lumalabas na ang mga mag-aaral sa limang pampublikong paaralan sa dibisyon ng Bacolod ay nakakakuha ng mean na 90.183 at may interpretasyon na *outstanding* sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng pamamahayag.
4. Sa resultang lumabas mula sa pananaliksik masasabing walang natatanging kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ayon sa estratehiya at akademikong performans sa pamamahayag sa mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang sa limang pampublikong paaralan sa Dibisyon ng Bacolod.
5. Makakatulong ang pagsasagawa ng malawakang lecture upang mapanatili ang mataas na antas ng akademikong pagganap sa sa pagtuturo ng pamamahayag katulad na lamang ng pakikilahok sa Division Schools Press Conference o kilala rin sa tawag na DM. NO. 20, s. 2024. Ito ay taunang kompetisyon para sa mga mag-aaral na manunulat sa iba't ibang dibisyon sa Pilipinas kung saan sila ay

nagtatagisan sa iba't ibang kategorya tulad ng pagsusulat ng balita, pagsusulat ng editorial at iba pa. Ayon na rin sa R.A. 7079 o ang Campus Journalism Act of 1991 na sinuportahan at binigyang halaga ng Department of Education (DepEd) ang komunidad sa bansa sa pagpapalaganap ng walang kinikilingan, patas at balidong impormasyon sa lipunan upang mahubog ang kakayahan ng mga mamamahayag. Naglalayon ang nasabing batas na palawakin ang pagbibigay ng katotohanan at magtipon ng kaalaman hindi lamang sa loob ng kampus kundi pati na rin sa komunidad. Sa kadahilanang ito ay nakabuo ang mananaliksik ng interbensyon sa pamamahayag. Ang paggawa ng polyeto na makakatulong sa mga kasalukuyang mag-aaral na mahasa ang galing sa pamamahayag at sa kabilang dako naman ay makahikayat ng panibagong mag-aaral at makatulong sa pagsagot sa mga katanungan at mabigyang linaw ang mga ito tungkol sa pamamahayag.

**Rekomendasyon**

Mula sa mga datos na nakalap sa isinagawang pag-aaral, inimumungkahi ng mga mananaliksik ang maaaring maging solusyon para sa mga suliraning natuklasan sa isinagawang pananaliksik.

1. Para sa mga opsiyales sa Department of Education na mas patibayin ang R.A. 7079 o ang Campus Journalism Act of 199, na naglalayong palawakin ang pagbibigay ng katotohanan at magtipon ng kaalaman hindi lamang sa loob ng kampus kundi pati na rin sa komunidad.
2. Para sa mga opsiyales sa Department of Education na mas palaganapin ang paglunsad ng DM. no. 025, s. 2024 o ang National Schools Press Conference upang mas mahasa ang mga mag-aaral sa pamamahayag at mabigyan ng oputunidad na mahasa ang kanilang angking talento sa pagsusulat pamamahayag.
3. Suportahan at gabayan ang mga mag-aaral na makilahaok sa Division Schools Press Conference o kilala rin sa tawag na DM. NO. 20, s. 2024 para maipamalas ang kanilang kakayahan sa pamamahayag.
4. Magbigay ng suporta ang mga paaralan sa mga mag-aaral na nakikilahok sa mga pagpupulong na ito. Magsagawa ng mga libreng seminar na makakatulong sa pagpapalago ng kanilang pagkatuto sa pamamahayag.
5. Para sa mga mag-aaral, maglaan ng sapat na panahon at manaliksik ukol sa mga platforms at estratehiya na hindi alam at mas mainam na alamin ito upang magamit at makasabay sa mga ibang mag-aaral.
6. Gawing halimbawa ang ginawang pag-aaral na ito sa susunod na mga mananaliksik upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa ikalabing isang baitang tungkol sa estratehiya sa pagkatuturo ng pamamahayag.
7. Gumamit ng estratehiya sa pagtuturo ng pamamahayag na naayon sa mga mag-aaral upang mapanatiling mataas ang antas akademikong pagganap.
8. Paggamit ng mga manwal o polyeto na magsisilbing gabay na nagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral at magulang tungkol sa isang partikular na paksa at pamamahayag. Sa konteksto ng pananaliksik, ang mga ito ay maaaring gamitin upang maipaliwanag ang kahalagahan ng pamamahayag sa pag-aaral, ipakita ang mga rekomendasyon, o bigyang-diin ang mga importanteng aspeto ng pamamahayag.

## TALASANGGUNIAN


1. *Boudreau, J. (2021, September 28). 4 Strategies for Teaching Media Literacy. Edutopia. https://www.edutopia.org/article/4-strategies-teaching-media-literacy/*
2. *Brillantes, A. L. (2016b). Isang Pananaliksik Ukol Sa Epektibong Pamamahayag Ng Balita Sa Dyaryo At Telebisyon Para Sa Mga Estudyante Ng Kursong Mass Communication Sa La Verdad Christian College-Caloocan. Www.Academia.Edu. Https://Www.Academia.Edu/28971582/*
3. *DM. NO. 20, s. 2024: 2024 DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE (DSPC) | DepED Isabela. (2024, January 15). https://deped-isabela.com.ph/2024/01/15/dm-no-20-s-2024-2024-division-schools-press-conference-dspc/*
4. *Flipsnack. (n.d.). pamamahayag. Flipsnack.https://www.flipsnack.com/76E7C866 AED/pamamahayag/full-view.html*
5. *Kurt, S. (2021, February 21). Constructivist Learning Theory - Educational technology. Educational Technology. https://educationaltechnology.net/constructivist-learning-theory/*
6. *Logsdon, A. (2021, June 9). KWL strategy improves reading skills. Verywell Family. https://www.verywellfamily.com/kwl-what-is-kwl-2162741*
7. *MakeMyNewspaper. (n.d.). School newspaper rules of responsible journalism. Retrieved June 18, 2024, from https://makemynewspaper.com/school-newspaper-rules-of-responsible-journalism*
8. *Manila Bulletin. (2021, August 11). Take into consideration ethics in journalism, Briones tells budding journalists. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2021/8/11/take-into-consideration-ethics-in-journalism-briones-tells-budding-journalists*
9. *Main, P. (2023, January 29). Social Learning Theory - Bandura. Structural Learning. https://www.structural-learning.com/post/social-learning-theory-bandura*
10. *MAY 16, 2024 DM 025, S. 2024 – 2024 National Schools Press Conference (NSPC) | Department of Education. (2024, May 16). https://www.deped.gov.ph/2024/05/16/may-16-2024-dm-025-s-2024-2024-national-schools-press-conference-nspc/*
11. *Mga Estratehiya at Istilong Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pagpapalawak ng Bokabularyo ng Wikang Filipino› Komisyon sa Wikang Filipino catalog. (n.d.-b). https://library.kwf.gov.ph/*
12. *ModelTeaching, & Wnorowski, S. (2023, November 16). Re-Energizing Classroom Discussion through Round Table Circles. ModelTeaching.https://www .modelteaching.com/education-articles/teaching-strategies/re-energizing-classroom-discussion-through-round-table-circles*

13. *National Digital Library of Ethiopia. (n.d.). Document. Retrieved from http://ndl.ethernet.edu.et/bitstream/123456789/29260/1/5..pdf*
14. *Omidvari, A., & Abedianpour, S. (n.d.). Brainstorming Strategy and Writing Performance: Effects and Attitudes. Journal of Language Teaching and Research. https://doi.org/10.17507/jltr.0905.24*
15. *Paaralan ng Pandaigdig na Pamamahayag at Komunikasyon-Unibersidad ng Pag-aaral na Panlabas ng Beijing | BFSU-菲律宾.(n.d.). https://global.bfsu.edu.cn/fil/info/1181/1408.htm*
16. *REPUBLIC ACT NO. 7079 - AN ACT PROVIDING FOR THE DEVELOPMENT AND PROMOTION OF CAMPUS JOURNALISM AND FOR OTHER PURPOSES - Supreme Court E-Library. (n.d.).https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2685*
17. *Shanmugavelu, Ganesan, et al. "Questioning Techniques and Teachers' Role in the Classroom." Shanlax International Journal of Education, vol. 8, no. 4, 2020, pp. 45-49.*
18. *Tom, T. (2021, September 2). How to hold a classroom debate. TeachHUB. https://www.teachhub.com/classroom-activities/2016/03/classroom-activities-how-to-hold-a-classroom-debate/*
19. *Tprestianni. (2024, June 10). Learning theories: Theories of Learning in education. National University. https://www.nu.edu/blog/theories-of-learning/*
20. *University of the People. (2024, June 19). What is Think-Pair-Share and how to use it in your classroom. https://www.uopeople.edu/blog/think-pair-share/*